# *Bulaklak ng Mayo: Ang papel ng mga kababaihan sa pagpapatuloy ng alayan bilang isang gawaing pangkomunidad sa Batangas*

Madilene B. Landicho
University of the Philippines Diliman

Ang alayan, na tinatawag ding pag-aalay o paalay, ay tumutukoy sa isang gawaing pangkomunidad na isinasagawa ng mga Katoliko sa bayan ng San Nicolas sa Batangas sa buong buwan ng Mayo upang papurihan at alayan ng bulaklak ang Birhen ng Caysasay na kanilang patron. Mahalaga ang papel na ginagampanan ng mga kababaihan sa pagpapatuloy at pag-inog ng gawaing ito sa gitna ng isang nagbabagong komunidad.

Sa ginawang pananaliksik ay ginamit ang mga katutubong metodo katulad ng pakikipagkuwentuhan at pagtatanong-tanong. Sa una ay aking nakasama ang dalawang grupo ng mga kantura o taga-awit sa alayan at sa ikalawa naman ay ang dalawang "taong simbahan" o mga taong nangangalaga at tumutulong sa mga gawain sa simbahan. Bahagi rin ng mga datos at analisis ang aking sariling mga obserbasyon at karanasan bilang bahagi ng komunidad na naging bahagi ng pagsasagawa ng mga alayan.

Mula sa mga datos ay inilarawan sa papel ang alayan sa pamamagitan ng pagtalakay sa mga taong may mahahalagang papel sa pagsasagawa nito katulad ng taong aalay, ang mga kantura at ang mga sagala; ang proseso ng pagsasagawa nito mula sa pag-usap, pagdadasal, at pag-awit; at panghuli ay ang iba pang mga elemento at materyal na bagay na ginagamit dito katulad ng emi, bulaklak at kandila. Makikita sa pag-aaral na napakahalaga ng papel ng mga kantura sapagkat ang kanilang mga awitin ang siyang nagbibigay ng istruktura at nagpapadaloy sa alayan. Ang kanilang ugnayan sa Birhen ng Caysaysay na siyang pinatutungkulan ng mga awitin ay inilarawan gamit ang konsepto ng *pagpapalitan*, kung saan ang kanilang mga awit ay inaasahang papalitan

ng "tuwa sa kalangitan". Sapagkat nagpapatuloy ang pagsasagawa ng alayan sa komunidad sa pangunguna ng mga kantura, inaasahang mananatili itong buhay at bahagi ng buhay ng mga tao sa komunidad hanggang sa susunod pang mga henerasyon.

Mga susing salita: *alayan, kantura, pagpapalitan, gawaing pangkomunidad, kababaihan*

Si *Madilene B. Landicho* ay Assistant Professor sa UP Departamento ng Antropolohiya. Nagtapos siya ng BA at MA Anthropology sa parehong institusyon. Ang kanyang interes sa pananaliksik ay nakatuon sa kasarian at sekswalidad, antropolohiya ng katawan, aralin sa Timog-Silangang Asya, kaalamang-bayan at etnolinggwistiks.
*Email: mblandicho@up.edu.ph*

*Itong bulaklak na alay*
*Nang ating pagsintang tunay*
*Palitan mo oh Birheng Mahal*
*Ng tuwa sa kalangitan*
*Palitan mo oh Birheng Mahal*
*Ng tuwa sa kalangitan*

Hudyat ng pagsisimula ng buwan ng Mayo ang pagtugtog ng awiting ito sa aming komunidad sa Batangas gayundin sa mga kalapit na bayan nito. Buong buwan itong maririnig na umaalingawngaw sa himpapawid, tinatangay ng hangin ang pamilyar na musika. Ang awit ay nanggagaling sa tuklong (chapel) kung saan natitipon ang mga kababaihan ng komunidad upang umawit ng pagpupuri at pagtatanghal sa birhen, partikular sa Mahal na Birhen ng Caysasay na aming patron. Kinalakihan ko na ang awiting ito kung kaya naman pamilyar ang mga salita sa mga awit lalo na ang korong aking isinulat sa simula ng papel. Bahagi ng aking sosyalisasyon ang pagpunta sa tuklong tuwing hapon sa buwan ng Mayo upang makibahagi sa pagsasagawa ng alayan. Masasabing ang alayan ay isa sa mga mahahalagang gawaing ipinagpapatuloy sapagkat ang pagiging bahagi ng gawaing ito ay nagiging tanda ng pagiging bahagi rin ng komunidad na nagsasagawa nito. Katulad ito ng nakita ni Tondo (2009) sa patuloy na pagsasagawa ng mga Pilipinong migrante sa New Zealand ng Santacruzan, isang tradisyon na ginagawa sa pagtatapos ng Mayo, upang panatilihin, at (muling) buuin ang kanilang pagkakakilanlan bilang mga Pilipino sa isang banyagang bansa.

Layunin ng pag-aaral na ito na ilarawan ang alayan bilang isang gawaing pangkomunidad sa bayan sa Batangas at tingnan ang mahalagang papel na ginagampanan ng mga kababaihan sa pagpapatuloy at pag-inog ng kaalaman at gawaing ito sa gitna ng isang nagbabagong komunidad. Titngnan din ang konsepto ng *pagpapalitan* bilang isang lokal at kalapit na konsepto ng reciprocity (Mauss (1990); Cannell (1999)) sa pagitan ng Birhen na siyang pinatutungkulan ng mga awit at mga bulaklak, at ng mga kantura at ng iba pang miyembro ng komunidad.

## Ang lunan at mga paraan ng pananaliksik

Ang pag-aaral ay ginawa sa isa sa mga barangay sa bayan ng San Nicolas sa Batangas. Ang barangay ay may populasyong mahigit 3,000 batay sa sensus noong taong 2020 (Philippine Statistics Office, 2021). Pangunahing hanapbuhay ng mga tao sa barangay sa mahabang panahon ay ang pagtatanim ng palay, mais, kamoteng kahoy at tubo, at gayundin ang pangingisda sa lawa. Subalit sa kasalukuyan, marami sa mga pamilya ang may isa o higit pang miyembrong naghahanapbuhay sa ibang bansa upang suportahan ang pamilyang naiwan sa Pilipinas. Tatalakayin sa ibaba ang naging epekto nito sa pagpapatuloy at pagbabago ng ilang mga gawain sa komunidad.

Sa pagbuo ng papel na ito, ilang mga katutubong metodo (Pe-Pua, 2006) sa pagkalap ng datos ang aking isinagawa. Ang una ay ang pakikipagkuwentuhan kung saan ang mga kasali sa kuwentuhan ay malayang nakapaglalatag at nakapaghahabi ng kanilang mga kuwento tungkol sa isang natatanging paksa (tingnan sina De Vera (1976), Orteza (1997) at Pe-Pua (2006) para sa karagdagang diskusyon tungkol sa metodong ito). Ang unang dalawang grupong aking nakakuwentuhan ay binubuo ng mga kantura, ang grupo ng mga babaeng taga-awit sa simbahan.

Sa unang grupo, mayroong tatlong kantura, sina Nanay Zeny (72 taong gulang), Nanay Delia (68 taong gulang) at si Ate Maribel (45 taong gulang) na anak ni Nanay Delia. Sa ikalawang grupo naman, nakakuwentuhan ko sina Ate Semie at Auntie Mary (pawang 67 taong gulang) gayundin si Umpi Lording (77 taong gulang). Isang pagkakaiba ng dalawang grupong aking nakapanayam ay ang kuwento ng kanilang pagsisimula sa pagiging kantura na tatalakayin sa susunod na bahagi ng papel. Bukod sa sa pakikipagkuwentuhan sa dalawang grupo, gumawa rin ako ng pagtatanong-tanong (Pe-pua, 1985; 2006) sa dalawang “taong simbahan” (tagapangalaga o tumutulong sa mga gawain sa simbahan). Sila ay pareho ring babae at may edad na 54 at 29.

Sa papel ay ginamit ko ang mga palayaw sa halip na ang mga buo at legal na pangalan ng aking mga informant upang protektahan at hindi lubusang maisapubliko ang kanilang identidad. Napagpasyahan kong gamitin ang kanilang mga palayaw upang bigyan ng pagkilala ang kanilang mahalagang kontribusyon sa pagpapatuloy ng tradisyon ng alayan sa komunidad lalo pa at kusa nilang ibinigay

sa akin ang pahintulot na gamitin ito. Binigyan rin nila ako ng pasalitang pahintulot na isulat ang mga impormasyong ibinahagi nila sa akin maliban sa ilang mga bagay na sinabi nilang huwag nang isama (katulad ng ilang mga personal na repleksyon habang nagkukwentuhan kami) at sinigurado ko sa kanila na ang lalabas lamang na mga datos ay iyong may pahintulot nila at mananatiling pribado naman ang iba pa.

Sa bahagi ng diskusyon ng datos, babanggitin din ang ilang mga naratibo na nagmula sa aking sariling karanasan bilang bahagi ng komunidad na nagsasagawa ng alayan. Dalawang beses na akong umalay (ang pag-alay ay inaasahan sa isang taong ipinanganak sa buwan ng Mayo) at gayundin ay maraming beses nang sumagala. Ang mga karanasang ito ay ginamit bilang dagdag na datos sa pagtalakay sa halaga ng alayan sa aming komunidad.

**Ang alayan bilang isang natatangi at nagbabagong gawaing pangkomunidad**

Ang alayan (na tinatawag ding pag-aalay o paalay) ay tumutukoy sa gawaing pangkomunidad na isinasagawa ng mga Katoliko sa buong buwan ng Mayo upang papurihan at alayan ng bulaklak ang imahe ng birhen na itinuturing nilang patron. Nagsisimula ang alayan sa unang araw at nagtatapos sa huling araw ng Mayo. Sa pagtatapos ng buwan ay nagkakaroon ng isang mas malaking pagdiriwang na tinatawag na 'tapusan' subalit kilala rin sa tawag na Santacruzan sa ibang bahagi ng bansa. Ayon kay Tiatco (2019), ang pag-aalay ay magkahalong debosyon kay Birheng Maria at isang pagdiriwang na kinatatampukan ng mga makukulay na bulaklak sa buong buwan ng Mayo. Tiningnan niya ang gawaing ito bilang isang uri ng cultural performance, isang gawaing nakasentro sa pagdiriwang. Ang tapusan ay mas engrandeng bersyon ng alayan sapagkat bukod sa umaalay at mga sagala, mayroong mga Reyna Elena at iba pang mga karakter na kasali sa gawain (tingnan si Tiatco (2019) para sa mas malawak na diskusyon tungkol sa Santacruzan).

Sa pinakasimple nitong porma, mayroong isang taong aalay. Siya ang may pangunahing papel sa gawaing ito sapagkat siya ang tukoy na taong mag-aalay ng mga bulaklak sa Mahal na Birhen ng Caysasay, ang patron ng komunidad (tingnan si Peracullo (2020) para sa kaugnay na diskusyon tungkol sa birhen). Siya rin ang magiging "sponsor" ng gagawing alayan. Ibig sabihin nito ay responsibilidad niya na pakainin ang mga sasagala, kantura, gitarista at mga magdadasal. Responsibilidad din niya na magdala ng mga kandila at maliit na bungkos ng kendi o anumang pagkain na siyang magiging kapalit ng iaalay na bulaklak ng mga sagala.

Bukod sa umaalay, mayroong tinatawag na mga sagala. Ang mga sagala ay mag-aalay din ng mga bulaklak sa birhen. Karaniwang mga bata ang sumasagala. Sila ay may dalang mga bulaklak na iaalay sa birhen. Isang anekdota na lumabas mula sa pakikipagkuwentuhan ko sa mga kantura ay kung paanong nag-iba na ang pagsagala noon at ngayon. Sabi ni Ate Delia, mas masaya daw noon ang alayan sapagkat sumasali dito ang mga binata at dalaga sa nayon. Pinagtutuwang sila at isa-isang sumasagala nang magka-pares. Dito raw ay magkaka-ideya ang mga tao kung sino sa mga kabataang ito ang nagkaka-ibigan o magkakarelasyon. Kalaunan ay nawala raw ang ganitong gawain sapagkat nagkakahiyaan na ang mga kabataan at hindi na rin sila sumasagala. Hindi na rin sila makumbinsi na sumagala sa araw-araw lalo pa at marami na silang ibang pinagkakaabalahan. Napapasagala na lamang sila sa tapusan kung sila ay inusap ng umaalay. Sa ngayon ay mga bata na lamang ang madalas na sumasagala.

Bukod sa kanila, ang iba pang mga nasa simbahan ay ang mga kantura o mga babaeng taga-awit ng mga awiting siyang sasaliw sa pagsasagawa ng pag-aalay. Madalas ay mayroon ding isa hanggang tatlong lalaking gitarista na siyang nagbibigay ng tono at ritmo sa pag-awit ng mga kantura. May mga iba pang mga taong simbahan na siyang nagpapapila sa mga sagala, nag-aayos ng mga isasabog na bulaklak at mga kandilang ipapalit sa mga bulaklak na ini-alay. Bukod sa mga nasa loob ng simbahan, ang ibang mga miyembro ng komunidad ay naghahanda ng pagkain o kumakain sa labas ng simbahan sapagkat ang isang alayan ay madalas na may katambal na pakain sa komunidad.

Batay sa aking mga nakakuwentuhan, ang alayan, bagaman at nakatakda at nakasanayang gawin sa bawat araw sa buong buwan ng Mayo, ay maaari ring isagawa sa ibang panahon. Ito ay sa mga pagkakataong mayroong isang tao o isang pamilya na naipangako na itong gawin. Ang ilan daw sa mga dahilan kung kaya nangangako ang isang tao na aalay o magpapa-alay ay upang magpasalamat sa Birheng Caysasay para sa isang partikular na bagay na natamo o kaya naman ay magpahayag ng (mga) kahilingan na inaasahan nilang maipagkakaloob sa kanila ng birhen. Maaaring ang umalay ay ang mismong taong nangako o maaaring magtalaga siya ng tao na paalayin katulad halimbawa ng ibang miyembro ng kanyang pamilya.

Makikita kung gaano kahalaga ang Birhen ng Caysasay sa alayan. Ang alayan ay ginagawa sa tuklong o chapel ng komunidad. Sa isang tipikal na araw,

makikitang napapaligiran ang loob ng tuklong ng iba't-ibang mga santo. Sa unahan o harapan nito, ay ang altar o dambana kung saan nakapatong ang tatlong imahe. Sa pinakagitna ng dambana ay makikita ang imahe ni Hesus na nakapako sa krus, sa kaliwa ay ang imahe ni San Martin, ang patron ng bayan ng Taal (ang bayan na dating nakakasakop sa komunidad) at sa kanan ay ang imahe ng Birhen ng Caysasay. Sa tuwing may paalay ay inililipat ang pwesto ng imahe ng Birhen ng Caysasay patungo sa pinakagitna ng altar, sa harap ng krus (makikita sa larawan sa ibaba). Sa harapan ng kanyang imahe direktang ini-aalay ang lahat ng mga bulaklak na dala-dala ng taong umalay at ng lahat ng mga sagala.



LARAWAN BLG. 1. *Makikita sa gitna ng altar ng tuklong ang mga inialay na bulaklak sa Birhen ng Caysasay. Ang larawan ay kuha ni Rosita Rudio.*

Hanggang sa kasalukuyan ay patuloy na isinasagawa ang alayan sa buong buwan ng Mayo. Mahalaga ang gawaing ito para sa mga tao sa komunidad sapagkat itinuturing nilang bahagi ng kanilang buhay ang paglalaan ng isang buong buwan upang ipakita ang debosyon sa patron ng komunidad, ang Birhen ng Caysasay. Ang pagpapakita ng debosyon sa birhen ay paraan din ng pagpapaigting ng ugnayan sa pagitan ng mga tao at ng patron. Ang maigting na ugnayang ito ang siyang inaasahang magiging tulay upang makamit ng mga tao ang kanilang inaasahan mula sa birhen, maaaring tugon sa kanilang mga personal na kahilingan o kaya naman ay ang patuloy na pangangalaga sa kaligtasan ng kanilang komunidad.

## Ang proseso ng pagsasagawa at mga elemento ng isang alayan

Katulad ng nabanggit sa simula ng papel, ang alayan ay isang gawaing pangkomunidad. Sa buong proseso ng paghahanda para dito, kabahagi ang iba't ibang miyembro ng komunidad. May ilang mga gawain na partikular na nakaatang

sa mga kababaihan katulad ng pagiging kantura, isa sa pinakamahalagang papel na ginagampanan sa alayan. Ito ay tatalakayin nang mas masinsin sa susunod na bahagi ng papel. Bukod sa mga kababaihan, ang iba pang mga miyembro ng komunidad, anuman ang kasarian o edad ay nakikibahagi rin sa gawain. Karamihan sa mga kalalakihan ay tumutulong sa paggawa ng mga bagay na iaalay o kaya naman ay sa pagluluto ng ipapakain sa mga dadalo sa alayan. Ang mga mas batang miyembro ng komunidad ay kasali naman bilang mga sagala.

May mga mahahalagang elemento ang isang alayan katulad ng iba't ibang mga materyal na kagamitan na may kanya-kanyang sinasagisag, ang dasal at ang mga awit. Ipapaliwanag ang bawat isa sa mga ito habang tinatalakay ang proseso ng pagsasagawa ng isang alayan. Ang pinaka-unang ginagawa kung magkakaroon ng alayan ay ang pagtatakda ng petsa kung kailan ito gaganapin. Ang taong nais magpa-alay ay magsasabi sa simbahan ng takdang petsa kung kailan niya nais umalay. Maaaring ito ay isa sa mga araw sa buwan ng Mayo o kung kailan man nais isagawa ng may paalay. Ang susunod na ginagawa ay ang 'pag-usap'. Tumutukoy ito sa pagsadya sa bahay ng mga taong may partikular na papel sa alayan katulad ng mga magdadasal, mga kantura, mga gitarista at mga magiging sagala. Hindi na kinakailangang usapin ang iba pang miyembro ng komunidad lalo na iyong mga nakatira malapit sa bahay ng taong magpapa-alay dahil nakasanayan na nila ang gawaing ito at alam nilang kailangan nilang pumunta at tumulong sa mga gawain, sa bahay man ng may paalay o sa simbahan.

Sa gabi bago ang takdang petsa ng alayan o kaya ay sa umaga ng araw na iyon, tumutulong din ang mga kapitbahay at mga kamag-anak sa paghahanda ng mga kagamitan na gagamitin sa alayan. Ang mga gamit na kailangang ihanda ay ang mga sumusunod:

Emi – Ito ay isang hugis krus na kahoy na binabalutan ng makulay na papel at pinupuno ng bulaklak ng kalachuchi o sampaguita. May nakatali ditong tatlong mahahabang ribbon na hahawakan ng mga "buntot" ng umaalay. Ang pagiging buntot ay karaniwang ginagampanan ng ibang miyembro ng pamilya ng taong umaalay. Sa kasalukuyang panahon, hindi na daw masyadong gumagamit ng emi ang mga tao. Ito ay dahil kumakain ng ilang oras ang paggawa nito. Ngayon ay napalitan na ito ng bouquet o bungkos ng mga bulaklak na madalas ay ipinagagawa sa mga tindahan ng bulaklak. Dahil dito, nawala na rin ang buntot ng mga umaalay.

Bulaklak – Ang mga bulaklak ay may dalawang pinaggagamitan. Ang una ay bilang alay sa birhen at ang pangalawa ay bilang pangsabog sa umaalay at mga sagala. Sa pangalawa, ang mga bulaklak ay ginupit-gupit upang maging maliliit na piraso at inilalagay sa basket. Ang basket ay hahawakan ng dalawang taong nakaabang sa may altar upang magsabog ng bulaklak sa umaalay at mga sagala pagdating sa tagpo ng aktuwal na pag-aalay sa birhen ng mga dala nilang bulaklak.



LARAWAN BLG. 2. *Ang emi na bitbit ng umaalay at siyang pangunahing alay sa birhen. Ang larawan ay kuha ni Sophia Pelagio.*

Kandila – Ang kandila ay ibinibigay bilang kapalit ng mga inialay na bulaklak. Kapag nagsimula na ang pag-aalay, sinisindihan ang mga kandila na nakahilera sa may altar. Matapos iabot ng umaalay o ng sagala ang bulaklak, papalitan ito ng kandila na iaabot ng dalawang taong nakaabang din sa may altar. Bago lumabas ng pintuan ng tuklong ay ibabalik ang mga kandilang ito sa dalawang taong nakaabang dito.

Kendi o iba pang pagkain – Kasabay ng pagbibigay ng kandila ay ang pag-aabot ng pagkain, na madalas ay kendi subalit maaaring iba pa. Sa aking palagay, ito ay tanda ng pasasalamat sa mga taong sumagala sa pagpapaunlak nila na sumali sa gawain kung saan sila inusap.

Sa ilang pagkakataon, nagiging mas malaki ang alayan at bukod sa mga nabanggit na mga gamit ay may iba pang mga mahahalagang gamit na inihahanda. Katulad ng emi na gawa sa kahoy at napapalibutan ng makukulay at makikinang na mga papel, makikita rin ang mga letrang bumubuo sa mga salitang AVE MARIA



LARAWAN BLG. 3 (nasa itaas). *Ang paghahanda ng mga bulaklak na isasabog sa alayan.* LARAWAN BLG. 4 (nasa baba). *Ang emi, ang corona imperial at iba pang mga inialay sa birhen. Ang parehong larawan ay mga kuha ni Sophia Pelagio.*



PURISIMA. Bawat letra ay hawak ng isang babae at kasama ng bulaklak ay ito ang iaalay sa birhen. Bukod sa mga letra mayroon ding araw, buwan, tatlong bituin, isang hugis puso, tatlong hugis rosas na may dalawang buntot na tinatawag na rosa mystica at panghuli ay ang sumisimbolo sa mundo. Ang mundo ay may apat na buntot at tinatawag na corona imperial. Ang corona imperial ang pinakahuling iaalay sa birhen at madalas na ang may bitbit nito ay isang babaeng malapit na kamag-anak ng taong umaalay.

Sa mismong araw ng alayan, may dalawa pang mahahalagang elemento na hindi pwedeng mawala- ang dasal at ang mga awit. Ang pinakaunang bahagi ng alayan ay ang pagdadasal ng rosaryo kung saan may isang mamumuno at may mga tagasagot. Pawang mga kababaihan ang gumagawa nito. Matapos ang pagdadasal ng rosaryo ay sisimulan na ang pag-awit na siyang magiging saliw ng buong alayan. Mayroong iba't ibang awitin at ang mga ito ang nagmamarka kung kailan sisimulan ang paglalakad palapit sa altar ng umaalay at mga sagala upang sila ay mag-alay ng bulaklak.

Narito ang pagkakasunud-sunod ng mga awitin ayon sa mga kantura o taga-awit na aking nakakuwentuhan:

Ang una ay ang pag-awit ng Ave Maria. Susundan ito ng isang awiting Latin na tinatawag nilang Krilison. Sunod ay ang awit na Birhen Divino na susundan ng Alay ng Bulaklak kung saan maglalakad na ang umaalay palapit sa altar at uupo sa unahang bahagi ng simbahan. Ang susunod ay ang Halina, ang awit na saliw sa malaking bahagi ng alayan sapagkat ito ang kinakanta nang paulit-ulit habang nag-aalay ng bulaklak sa Birheng Caysasay. Matapos ang pag-aalay ay aawitin ang O Mariang Masaklolo at hudyat ng pagtatapos ay ang pag-awit nang mabagal ng Pamamaalam. Biglang bibilis ang tugtog ng gitara at aawitin naman ang pinakahuling awit, ang Adios Reyna habang nakapilang lumalabas ang lahat ng mga sagala at ang umalay kasabay ng muling pagsasabog sa kanila ng mga bulaklak. Dito magtatapos ang alayan at kinabukasan ng umaga ay babalik sa simbahan ang may paalay upang linisin ito. Sa buong buwan ng Mayo, araw-araw tuwing hapon, ay ganito ang tagpong masusumpungan sa tuklong.

## Ang mga kantura sa alayan

Malaki ang bahaging ginagampanan ng mga kababaihan sa alayan. Maaaring sabihin na sila ang may mahahalagang papel sa gawaing ito bilang mga sagala

(tagahawak ng mga natatanging kagamitang pang-alay), tagapagdasal, taga-awit at tagapagpadaloy ng kabuuang gawain. Sa iba't ibang mga gawaing ito, masasabing pinakamalaki ang nagiging papel ng mga kantura o mga mang-aawit saapagkat ang mga awit ang nagbibigay ng istruktura at nagmamarka ng iba't ibang bahagi ng isinasagawang alayan.

Anim na kantura ang nakakuwentuhan ko. Lima sa kanila ay maybahay at ang isa ay hindi nag-asawa. Ang pinakabata sa kanila, si Ate Maribel, ay kasalukuyang asawa ng kapitan ng barangay kung kaya naman bukod sa pagiging kantura ay may iba pa siyang mga responsibilidad sa barangay katulad ng pangunguna sa samahan ng mga kababaihan sa komunidad. Samantala, ang lima naman ay mga senior citizen na. Wala silang mga hanapbuhay at sa ngayon, ang pangunahin nilang pinagkakaabalahan ay ang pangangalaga sa kanilang mga tahanan.

Magkakaiba ang naging pagsisimula ng kanilang pag-awit at ang paraan ng kanilang pagkatuto ng mga awitin. Ang dalawang kantura na may pinakamahabang karanasan sa pag-awit ay sina Ate Zeny at Ate Delia. Nagsimulang umawit ang dalawa noong sila ay 20 at 16 na taong gulang. Ayon sa kanilang kuwento, nagsimula ang alayan sa komunidad mahigit limampung taon na ang nakakaraan. Matapos daw pumutok ang bulkang Taal noong 1965, nagsimulang lumipat ang mga tao mula sa pulo o isla sa paanan ng bulkan papunta sa mga bayan na nakapaligid sa lawa ng Taal sa kabilang bahagi ng isla. Sa paglipat ng mga tao ay dinala nila ang ilang mga tradisyong kinalakihan na nila katulad ng pagsasagawa ng alayan. Ang nanay ni Ate Delia, isa sa mga lumipat galing sa pulo, ang siyang naging unang kantura sa komunidad. Kasama ang ilang kaibigan ay sila ang nagdadasal at umaawit sa simbahan na nakatayo malapit sa kanilang bahay. Naging aktibo siya sa pag-engganyo at pagsanay ng mga kabataang babae upang makasama niya sa pag-awit. Kasama sa unang pangkat na iyon ng mga batang mang-aawit sina Nanay Delia at Nanay Zeny.

Sa paglipas ng mga taon, ang unang pangkat ng mga mang-aawit ay nadagdagan sa pamamagitan ng paghikayat nina Nanay Delia sa iba pang mga kababaihan sa komunidad na nakatira malapit sa simbahan. Mapapansin na marami sa mga kantura hanggang sa kasalukuyan ay nakatira malapit sa simbahan. Ito daw ay dahil sa mas madali silang tawagin at papuntahin kung may gawain sa simbahan. Bukod dito, para kina Nanay Delia, nakakahiya naman daw na hindi pa sila pumunta gayong napakalapit lamang ng simbahan sa kanila. Ang ganitong

pakiramdam ay dulot marahil ng inaasahang gawi sa komunidad kung saan ang taong malapit sa iyo ang siyang dapat na maunang mag-aabot ng kanyang tulong o serbisyo kung kinakailangan.

Isa si Ate Maribel sa mga mas nakababatang kantura at tagadasal sa simbahan. Anak siya ni Nanay Delia at labing-isang taon pa lamang ay madalas nang naglalagi sa tuklong. Nagsimula siya bilang tagasagot sa dasal subalit sa ngayon ay nakikisabay na rin daw siya sa pagkanta. Bukod sa pagiging kantura, siya ay kinatawan din ng barangay sa mga gawaing pangsimbahan sa bayan. Siya ang nagpapa-abot sa mga tao ng mga plano at programang dapat na isagawa sa bawat barangay.

Iba naman ang kuwento ng pagsisimula ng ikalawang grupo na aking nakakwentuhan. Mahigit isang dekada na ring umaawit sina Auntie Mary, Ate Semy at Umpi Lording. Mas matatanda na sila nang sila ay naging kantura. Ang unang dalawa ay nasa edad 50 at ang huli ay nasa edad 60 nang magsimula. Nagsimula sila bilang mga tagabasa ng pasyon tuwing Mahal na Araw (o Semana Santa). Sa basahan (ng pasyon) ay nakakasama nila sina Nanay Delia na mga kasalukuyan nang kantura noon sa alayan. Napansin daw ng mga kasama nilang kantura na mataas ang kanilang mga boses kung kaya naman inaya din silang maging kantura sa alayan. Hindi naman sila tumanggi kung kaya sinubukan din nila ang pagiging kantura.

Magkaiba ang paraan ng pagkatuto nina Nanay Delia at ng grupo nina Auntie Mary ng mga awit sa alayan. Itinuro kina Nanay Delia at Nanay Zeny ang mga awitin sa "mas pormal" na paraan kung saan may nakatalagang aawit sa bawat taludtod ng mga awitin. Ayon sa dalawa, mas maganda raw pakinggan ang mga awit sa alayan noon sapagkat animo may sagutang nagaganap sa pagitan ng mga kantura tuwing sunud-sunod silang umaawit ng bawat taludtod. Subalit sa paglaon ay hindi na raw sila naging ganito kahigpit sa pagtuturo ng awit. Ang iba ay natuto na lamang mula sa pakikinig at pakikisabay sa mga awitin. Sabi nina Auntie Mary, nagsimula sila na "nakikitono lamang". Bagaman marami ang nagka-interes na maging kantura, may ilan ding mga hindi tumuloy sapagkat masyado daw matataas ang mga kanta. May ilan rin sa kanilang nahihiya nang magpatuloy lalo na kung may pumuna na hindi ganoon kataas ang kanilang boses. May isa sa kanila na nagsabi sa akin na pinuna raw siya ng isang kapwa kantura dahil hindi siya magaling kumanta. Subalit sa kabuuan, ayon kina Nanay Delia, hindi sila nagsasangga o

nagbabawal ng mga nais maging kantura. Mas marami daw kantura, mas maganda. Sa ngayon ay nasa 19 na sila na mga kantura at ang edad nila ay nasa 30-77. Mayroon na ring nakalimbag na mga kopya ng mga awit na siyang tinutunghayan ng ibang kantura kung sila ay nakakalimot sa mga liriko ng ilang awitin.

Madalas ang mga kantura ay may kasamang isa hanggang tatlong gitarista na pawang mga lalaki. Sila ang nagbibigay ng ritmo at tono sa mga awit. Napanood ko kung paano ito ginagawa sa isa sa aking mga naobserbahang alayan maraming taon na ang nakakaraan. Tumutugtog ng ilang chord ang isa sa mga gitarista at sasabayan ito ng isang kantura upang subukan kung tama ba ang tono. Si Nanay Delia ang madalas na gumagawa nito. Sasabihan niya ang gitarista kung sakaling masyadong mataas ang ibinigay niyang *key* at itutuloy ng una ang pagtugtog sa gitara hanggang sa matagpuan nila ang "tamang tono". Ang pagtugtog ng gitara sa alayan ay gawaing nakatalaga sa mga kalalakihan. Sa komunidad na ito, mas pangkaraniwan na mga lalaki ang tumutugtog ng gitara kung kaya mga lalaki rin ang siyang napagsasalinan ng kasanayang ito. Ang kawalan ng babaeng tumututugtog ng gitara sa alayan ay nagpapakita kung paanong napapanatili ang hatian ng gawain batay sa kasarian sa partikular na aktibidad na ito.

## Ang mga kababaihan bilang tagapagpadaloy ng tradisyon

Makikita sa pagtalakay sa itaas na ang mga kababaihan sa komunidad ang siyang susi sa pagpapatuloy ng alayan bilang isang gawaing pangkomunidad. Kapansin-pansin na sa aming komunidad, ang mga kantura ay puro babae kaya naman naitanong ko sa kanila kung bakit sa palagay nila ay ganoon ang sitwasyon. Sabi nila sa akin, "Nakagisnan na ito." Sabi pa ng isa sa kanila, "Paano mo naman aasahan ang mga lalaki na kumanta?" Bagaman at hindi naman daw bawal na maging kantura ang mga lalaki, hindi lang daw talaga ito nakasanayan. Isa daw na maaaring dahilan dito ay ang pagiging malapit ng mga babae simula't sapul sa mga gawaing pangsimbahan. Mula sa pagganap sa mga mahahalagang gawain sa simbahan katulad ng pagrorosaryo, pagnonobena, pagkukrusada at pag-awit sa alayan, sa pabasa o sa tuwing may misa, sila din ang namamahala sa simbahan. Babae ang palaging nagiging presidente ng organisasyong nangangasiwa sa simbahan na tinatawag nilang Barangay Pastoral Council (BPC). Kasama din sa kanilang gawain ang paglilinis sa simbahan, paglilista at pag-aasikaso ng mga aktibidad na isasagawa dito, gayundin ang mga mas espesyal na gawain katulad ng pagpapalit ng damit at pagpapabango sa birhen. Maging ang iba pang

mahahalagang gawain sa komunidad katulad halimbawa ng pagdadasal sa patay o tuwing panahon ng undras (Araw ng mga Patay at Araw ng mga Santo) ay sila rin ang gumaganap. Ang mga gawaing ito ay ipinapasa rin sa mga kababaihan at madalas ang pinagpapasahan ay ang mga kababaihang nakatira sa paligid ng simbahan. Mula sa aking pagkabata, nakita ko ang pagsasalin ng papel ng pangangalaga sa simbahan sa tatlong henerasyon ng mga kababaihang magkakamag-anak na nakatira sa tabi ng simbahan.

May ilan na ring mga naisulat na nagpapakita kung paanong susi ang mga kababaihan sa pagpapatuloy ng mga mahahalagang gawaing tulad nito. Isa na dito ang isinulat ni Abrera (2009) tungkol sa mga binukot (o mga babaeng nakatago) ng grupong Panay-Bukidnon. Ang mga kababaihang ito ay may mataas na antas sa lipunan na kapantay ng mga lalaking pinakamagagaling na mga mandirigma sa kanilang komunidad. Ang mga kababaihang ginagawang binukot ang siyang nag-aaral ng iba't-ibang kaalaman ng kanilang grupo tulad ng pag-awit ng epiko o paghahabi kung kaya naman labis siyang pinahahalagahan ng buong komunidad. Ayon pa kay Abrera, makikita ang halaga ng mga binukot sa kanilang komunidad sapagkat sa panahon na may lumulusob sa kanilang komunidad ay binabantayan ang kanyang kinalalagyang tore upang siya ang huling maabot ng mga kaaway. Ito ay sa kadahilanang siya ang itinuturing na susi sa pagpapatuloy ng kaalaman ng grupo (p.48).

Mula sa mga nabanggit sa itaas, maaaring sabihin na ang pagpapatuloy ng pagganap ng mga kababaihan sa papel ng isang kantura ay bahagi ng pagpapatuloy ng kanilang kinagisnang tradisyon, kung saan ang mga babae ang siyang gumaganap ng mga tungkulin at gawaing nakaugnay sa simbahan. Bagaman at ito ay isang tradisyunal na papel, makikitang sarili ring desisyon ng mga kababaihan ang pagpapatuloy ng mga gawaing ito. Bukod sa pag-akap nila sa kanilang gampanin sa kanilang komunidad, ang pagiging kantura ay paraan din nila ng kanilang pagpapahayag ng kanilang pagiging relihiyoso at ng kanilang personal na ugnayan at debosyon sa birhen.

## Ang nagbabagong papel ng mga kababaihan sa komunidad

Bagaman at hanggang sa kasalukuyan ay mga babae ang nanatiling nagpapatuloy sa pagiging kantura, kapansin-pansin na wala nang mas batang mga babae ang sumasali at nag-aaral upang maging kantura. Bukod sa manugang ni

Nanay Delia, ang pinakabatang pangkat ng mga kantura ay may edad 40 o higit pa. Isang maaaring tingnang dahilan dito ay ang nagbabagong papel ng mga kababaihan sa komunidad.

Ang grupo nina Nanay Delia at Nanay Zeny gayundin ang henerasyong nauna sa kanila ay lumaki sa panahon kung saan may ekspektasyon sa mga kababaihang sumunod sa mga nakagawiang mga papel sa lipunan. Marami sa kanila ay maybahay at inaasahan silang makibahagi sa mga mahahalagang gawain sa komunidad. Halimbawa, ang mga kababaihan ang inaasahang manguna sa mga padasal sa patay. Sila rin ang inaasahang mag-asikaso sa iba pang mga gawaing pangkomunidad kagaya ng mga pabasa o krusada. Gayundin, sila ang inaasahang unang dudulog sa pangangailangan ng mga kamag-anak kung sakaling magkasakit ang mga ito at kailangan ng magbabantay o sasalo ng mga gawain sa bahay. Marahil ito ay sapagkat kung ihahambing sa tradisyunal na papel ng mga kababaihan, ang mga kalalakihan ay inaasahang maghanapbuhay at madalas ito ay sa labas ng komunidad ginagawa, maliban na lamang kung ang hanapbuhay nila ay pangingisda o pagsasaka. Ang mga kababaihan ang naiiwan sa mga komunidad at siyang inaasahang magpapatuloy ng mga "tradisyunal" na mga gawain. Isang halimbawa ng mahahalagang gawain sa komunidad ay ang pagbababang-luksa kung saan mga babae lamang ang gumagawa. Ito ay literal na nangangahulugang "drop the veil" (Mabanglo-Mayor, year, p.351) at sa gawaing ito, isang buong taon na magsusuot ng itim o iba pang kulay na tayuman (madilim o malungkot na kulay) ang mga babaeng kamag-anak ng namatay. Matapos ang panahong ito, magkakarooon ng babang-luksa. Sa araw na ito, kasabay ng pagdadasal ay magpapalit ng damit na may masasayang kulay ang mga babaeng kamag-anak. Nagmamarka ito ng pagtatapos ng panahon ng pagluluksa (tingnan si Cannell (1999) para sa detalyadong diskusyon tungkol sa iba pang mga ritwal at gawaing may kinalaman sa patay kung saan mga babae rin ang siyang nagsasagawa).

Mula sa mga halimbawa sa itaas, maaaring mahinuha na pareho lamang ang dahilan kung kaya at mga babae ang siyang nakagisnang maging kantura sa simbahan. Kung pagbabatayan ang sinabi ng isa sa mga kantura nang tanungin ko kung bakit kaya puro babae ang mga kantura, "Hindi mo naman maaasahan ang mga lalaki na gumawa niyan," masasabing may malinaw silang ideya sa kung ano ang inaasahang mga gawain o papel ng mga kalalakihan na iba sa mga gawaing nakatalaga sa mga kababaihan. Sinabi ni Alcantara (1994) na ang mga nakasanayang gawi sa lipunan ang siyang nagdidiin ng pagkakaiba ng papel o

gampanin ng mga babae at lalaki sa lipunan. Idinidikta raw ng tradisyon ng mga Pilipino na ang lalaki ang siyang dapat na maging tagapagtaguyod at tagapagtanggol ng pamilya samantalang ang babae ang tagapangasiwa ng tahanan at ng kusina. Sa komunidad kung saan ginawa ang pananaliksik, ang pangunahin pa ring gawain ng mga lalaki ay maghanapbuhay upang itaguyod ang pangangailangang pinansyal ng kanyang pamilya. Bukod dito, inaasahan ang kanyang partisipasyon sa mga gawain sa komunidad na nangangailangan ng lakas ng katawan tulad ng pagkakatay ng baboy, pag-iigib ng tubig, at pagluluto ng pakain sa komunidad sa tuwing may okasyon.

Sa kasalukuyan, malaking bahagi na ng populasyon ng mga kababaihan sa komunidad ang nangingibang bansa. Nasa 57% (280 mula sa kabuuang 494) ng mga Overseas Filipino Workers (OFW) sa komunidad (Barangay Census, 2022) ay mga babae. Kahalintulad ito ng makikita sa pambansang datos kung saan mas marami ang mga babaeng naghahanapbuhay sa ibang bansa. Sila ay nasa 1.10 milyon ang bilang noong 2021 o bumubuo sa 60.2 porsyento ng mga OFW (Philippine Statistics Authority, 2022). Marami sa mga babaeng OFW sa komunidad ay mga domestic helper o kaya naman ay caregiver. Malaking kaibahan ito sa datos noon kung saan mga lalaki ang mas nangingibang bansa bilang mga skilled worker. Makikita sa pag-aaral nina Dalisay at Tan (2021) kung paanong nasasalamin sa pangingibang-bansa ang tradisyunal na mga papel ng babae at lalaki sa isang pamilya. Ang tawag sa pagbabagong ito sa mga uri ng hanapbuhay na maaaring pasukan ng mga tao sa kontekstong pandaigdigan ay “feminization of labor” kung saan mas naging mataas ang partisipasyon ng mga kababaihan sa paghahanapbuhay at mga gawaing dati ay para lamang sa mga lalaki (Elgin & Elveren, 2021). Sa konteksto ng Pilipinas, ang kawalan ng oportunidad sa bansa ang nagtutulak sa mga kababaihan na mangibang-bansa. At ayon sa datos ng UN Women (2015), 60 porsyento ng mga bagong tanggap sa mga trabahong pambahay at pagbibigay-kalinga ay binubuo ng mga babae.

Dahil dito, hindi na lamang pagiging maybahay ang papel ng mga kababaihan. Malaki na rin ang kanilang gampanin bilang tagapag-hanapbuhay ng kanilang mga pamilya. Marahil malaking salik ito kung kaya at hindi na pangunahing prayoridad ng mga kababaihan ang pagtupad sa mas tradisyunal nilang mga gawain katulad ng pagiging kantura. Isa sa mga mas batang babaeng nakausap ko, si Nella, 29 taong gulang, ay dating tagalinis ng simbahan at tagapalit ng damit ng birhen. Sabi niya,

marami daw siyang inaasikaso sa ngayon. Kakasimula lang niya sa pagbuo ng kanyang sariling pamilya kaya kailangang ibuhos ang oras sa paghahanapbuhay bukod sa pag-aalaga sa anak. Nabanggit niya na simula nang siya ay nag-aral sa kolehiyo at naghanapbuhay, hindi na niya magawang maglaan ng oras para sa simbahan. Subalit sa hinaharap daw, nais niyang bumalik at maglingkod sa simbahan sapagkat bukod sa naiisip niyang mahalagang gawain ito, masarap daw ang pakiramdam na alam mong naglilingkod ka. Mula sa kuwentong ito ni Nella, makikitang bagaman nagbabago o nadaragdagan ang gawain ng mga kababaihan sa komunidad, nananatiling bahagi ng kanyang kamalayan ang tungkulin sa simbahan. Maaaring ito ay dulot ng relasyong namamagitan sa isang babaeng naglilingkod at sa birheng kanyang pinaglilingkuran kung saan mayroong nagaganap na pagpapalitan.

## Ang alayan at pagiging kantura bilang mga daluyan ng pagpapalitan

*Palitan mo oh Birheng Mahal ng tuwa sa kalangitan!*

Sa klasikong libro ni Mauss (1990), kanyang tinukoy ang halaga ng *gift*, isang bagay na kaiba sa nakasanayang kanluraning pagtingin at hindi naman daw talaga ibinibigay ng libre o walang kapalit. Sa pagtalakay dito ay lumutang ang mga konsepto ng *reciprocity* at *obligation*. Ang pagbibigay ng mga mahahalagang gamit katulad ng anumang regalo ay bumubuo ng isang network o pagkakaugnay-ugnay ng mga tao na mayroong obligasyon na tumbasan o higitan pa ang ibinibigay na regalo. Ang mga (miyembro ng) lipunan ay napapasailalim sa isang obligasyon na magbigay ng regalo, tumanggap ng regalo at pagkatapos ay muling ibalik ang regalong iyon (Hann, 2006, p. 211). Sa konteksto ng Katolisismo, siniyasat ni Rafael (1987) ang konsepto ng utang na loob bilang isang Tagalog na terminong maaaring tingnan sa pagtalakay sa konsepto ng reciprocity. Partikular na tiningnan ang gamit ng salitang loob, na aniya ay tumutukoy sa parehong lunan at bagay na pinagpapalit(an) (p.331).

Isang maaaring tingnang aspekto sa patuloy na pag-awit ng mga kantura ay ang kanilang personal na ugnayan sa Birhen ng Caysasay at ang kanilang *pagpapalitan*, isang konseptong malapit sa ideya ni Mauss ng *gift*. Ang pag-awit sa alayan ay itinuturing ng mga kantura na bahagi ng kanilang pagsisilbi sa Birhen ng Caysasay. Ayon sa mga kantura, "Kapag inusap, hindi pwedeng magpahindi," dahil ang pagiging kantura ay kanilang itinuturing na tungkulin sa birhen at sa komunidad.

Sabi ni Auntie Mary, basta daw patuloy na pagkalooban ng malakas na katawan upang makalakad hanggang sa simbahan at makaawit ay patuloy niya itong gagawin. Ito daw ay isang sakripisyo at ang hinihiling nilang kapalit ay bigyan sila ng mahabang buhay. Nang tinanong ko sila kung hanggang kailan kaya sila magiging mang-aawit, sinabi nila na hanggang sa makakaya daw nila ay aawit sila at hanggang sa inuusap sila ay tatalima sila. Sinasabi nila na alam nilang kapalit ng kanilang serbisyong ito ay ang pagpapala sa kanila ng birhen, pagkakaloob ng malusog na pangangatawan at patuloy na biyaya sa kanila at sa kanilang pamilya. Bukod sa inaasahang pagpapala, isa pang dahilan sa patuloy na pagiging kantura ng mga kababaihan sa komunidad ay ang nararamdaman nilang masarap na pakiramdam sa tuwing sila ay aawit. Sabi nila, parang isang pahinga sa gawaing bahay ang pagiging kantura dahil nakakaaliw ang maging bahagi ng gawaing ito. Nagkakaroon sila ng oportunidad na makasama ang iba pang mga kantura at dagdag na lamang na may naiuuwi pa silang bitbit (mga pagkaing bigay ng may paalay bilang pasasalamat) sa kanilang mga pamilya. Maaaring tingnan na ang pagsisilbi sa komunidad at sa birhen ay may dulot na masarap na pakiramdam at kasiyahan dahil katulad ng nakita ni Esteban (2015) sa kanyang pag-aaral, ang mga ganitong gawain ay pagkakataon upang mapaunlad ang buhay sosyal at ispiritwal na nabibigyan na ng espasyo sa buhay lalo na sa panahon ng pagtanda.

Para sa mga nakatira malapit sa simbahan, tungkulin nila na ibigay din ang kanilang serbisyo upang maglingkod sa birhen at sa komunidad. Sabi nila, sila ang inaasahang tumingin at mangalaga sa simbahan sapagkat nakatira sila malapit dito. Sino pa daw ba ang ibang may responsibilidad dito kung hindi sila. Hindi naman daw dadayo pa ang mga nakatira sa malayo para lang linisin ang simbahan. Bagaman at may nakukuha silang maliit na kabayaran (300 piso sa paglilinis sa buong simbahan), ang kanilang ginagawa ay para daw sa birhen at ang inaasahan nilang kapalit mula dito ay hindi ang perang ibinabayad sa kanila kundi ang pagpapala ng birhen. Sabi ni Nella, masarap sa pakiramdam kapag nagsisilbi ka sa simbahan. Alam daw niya na may ginagawa siya na makakabuti hindi lang sa kanya kundi maging sa kanyang pamilya at sa buong komunidad. Karamihan din sa mga nagiging tagapagsilbi sa simbahan ay iyong mga nakatira rin malapit dito at karaniwan ay ang mga kababaihan ang gumagawa nito. Ilan sa mga gawain ay ang paglilinis sa simbahan, pagpapalit ng damit ng birhen, at ang pag-aasikaso ng iba't-ibang gawain para sa iba't-ibang okasyon. Hindi nila ito tinitingnan bilang isang mabigat na tungkulin kundi isang paraan ng pagpapakita ng pagpupuri at pasasalamat sa patron ng komunidad.

Para naman sa mga umaalay, hindi mahalaga ang kanilang nagagastos sa pagpapakain sa komunidad at pag-aalay ng bulaklak. Anumang hinihiling nila ay inaasahan nilang ipagkakaloob sa kanila ng birhen, katulad halimbawa ng patuloy na pagkalinga sa kanila habang naghahanap-buhay sila sa ibang bansa o kaya naman ay ang patuloy o tuluyang paggaling mula sa isang karamdaman. Sa oras na matupad ang kahilingang ito, muli silang aalay para naman magpasalamat. Gayundin ang pagtingin sa mas engrandeng bersyon ng alayan, ang tapusan o pagtatapos ng Flores de Mayo. Ang mga miyembro ng kapisanan ng barangay ang siyang nagtatakda kung sino ang pangunahing aalay o ang magiging hermana at/o hermano. Kung bibigyang pansin, ang ginagawang pagpili ng mga miyembro ng komunidad sa magiging hermana at hermano ay batay sa kanilang kakayahang gumastos – ang kakayahang makabili at makapagpagawa ng mga gamit para sa tapusan at makapagpakain sa lahat ng kasali dito gayundin sa iba pang miyembro ng barangay. Walang tumatanggi sa responsibilidad na ito sapagkat natatakot sila na magtampo ang birhen sa kanila. Makikitang kahalintulad ito ng nakita ni Cannell (1999) na ugnayan ng mga tao sa Amang Hinulid sa Bicol, kung saan nagkakaroon ng mas malapit na ugnayan ang mga tao sa kanilang patron at itinuturing ito na parang malapit na kamag-anak na maaaring patungkulan ng kahilingan o pangako na kung hindi matupad ay maaaring maging dahilan ng pagtatampo (p.194). Para sa mga nagiging hermana at hermano, malaki ang biyayang kapalit na kanilang matatanggap sa pagganap sa malaking responsibilidad na ito. Sa gayon, ang pag-aalay ng bulaklak, serbisyo at panahon sa Birhen ng Caysasay sa buong buwan ng Mayo ay isang regalo para sa Birhen na papalitan naman ng Birhen ng walang katapusang "tuwa sa kalangitan", katulad ng paulit-ulit na binabanggit sa awit ng mga kantura.

## Pangwakas: Hanggang sa mga susunod pang Mayo

Naitanong ko sa mga kantura kung sa palagay ba nila ay posibleng dumating ang araw na wala nang maalam umawit ng mga awitin sa alayan. Sabi ng isa sa kanila, kung wala na daw mag-aaral nito, mawawala na nga ito sa paglaon. Subalit may nagsabi din na hindi ito mawawala sapagkat masigla pa ring isinasagawa ang alayan sa kasalukuyan at may ilan pa rin daw sa mga kabataan ang nagpapakita ng interes sa pagiging kantura. Naniniwala ako sa sinabi nang huli sapagkat nito lamang nakaraang Mayo, buong buwan ko pa ring narinig mula sa tuklong ang pamilyar na mga awit. Nagulat ako nang umuwi ang aking tatlong taong gulang na

pamangkin isang hapon na may bitbit na isang supot ng kendi. Kinuha niya ang isa sa mga almahadon at lumuhod - ipinapakita sa amin kung paano siya sumagala sabay utos sa amin na kantahan daw siya ng "Itong bulaklak na alay…"

Maaari ring tingnan na bahagi ng pagpapatuloy at pag-inog ng gawaing ito ang unti-unting pagbubukas nito mula sa mahigpit na pagkakakahon sa nakasanayang hatian ng mga gawain batay sa kasarian. Sa kasalukuyan ay may ilang mga lalaki, kasama na ang ang ilang mga miyembro ng mga grupong may iba pang kasarian, na makikitang aktibong nakikilahok at minsan ay siya pang punong-abala sa mga gawain sa simbahan katulad ng pagdarasal, gayundin sa mga mahahalagang okasyon katulad ng piyesta. Para sa akin, ito ay isang positibong pagbabago na maaaring makatulong upang magpatuloy at mapagyaman pa ang mga mahahalagang gawain sa komunidad katulad ng alayan.

Katulad rin nang kung paano nakita ni Mirano (2008) ang halaga ng subli sa ilang komunidad sa Batangas, ang alayan, bagaman nasa gitna ng isang malaking pagbabago sa komunidad kung saan ito isinasagawa, ay patuloy pa ring mabubuhay bilang paraan ng pag-alala ng nakaraan, paghamon sa kasalukuyan at pagtanaw sa hinaharap. Hangga't patuloy ang alayan, mananatiling buhay ang awitin ng mga kantura at mananatili itong bahagi ng buhay ng mga tao sa komunidad hanggang sa susunod pang mga henerasyon.

## SANGGUNIAN

Abrera, M.B. (2009). Seclusion and Veiling of Women A Historical and Cultural Approach. *Philippine Social Sciences Review, 60*.

Alcantara, A. (1994). Gender Roles, Fertility, and the Status of Married Filipino Men and Women. *Philippine Sociological Review, 42*(1-4), 94-109.

Barangay Bancoro Census (2022). [Bilang ng mga bababe at lalaking OFW]. Bancoro San Nicolas Batangas.

Barangay Bancoro Pastoral Council (n.d.). [Koleksyon ng mga awit sa alayan]. Bancoro San Nicolas Batangas.

Cannell, F. (1999). *Power and intimacy in the Christian Philippines*. Cambridge: Cambridge University Press.

Dalisay, SNM & Tan, ML. (2021). Beyond Push and Pull: The Narratives, Aspirations, and Remittance Practices of OFWs in Hong Kong and Taiwan and their Families. *Asian Studies: Journal of Critical Perspectives on Asia, 57* (2).

De Vera, M.G.A. (1976). Pakikipagkuwentuhan: Paano kaya pag-aaralan ang pakikiapid? [Pakikipagkuwentuhan: How do we study extra-marital affairs?]. In R. Pe-Pua (Ed.), *Cross-Indigenous Methodology: Philippine Experience 135 Sikolohiyang Pilipino: Teorya, metodo at gamit (Filipino Psychology: Theory, method and application)* (pp. 187–193). Quezon City: Surian ng Sikolohiyang Pilipino. 1982.

Elgin, C. & Elveren, A. Y. (2021). Informality, inequality, and feminization of labor. *Women's Studies International Forum, Volume 88*.

Esteban, R. (2015). Thinking about Aging: Experience, Identity and Meaning among an Elderly Population in the Philippines. *Advances in Aging Research, 4,* 133-153.

Hann, C. (2006). Chapter 4 The Gift and Reciprocity: Perspectives from Economic Anthropology, In Editor(s): S.C. Kolm & J.M. Ythier (Eds.), *Handbook of the Economics of Giving, Altruism and Reciprocity, Elsevier, Volume 1* (pp.207-223).

Mabanglo-Mayor, R. (2010). Filipino Americans: Dying and Death Rituals. In J. Lee & K. Nadeau (Eds.), *Encyclopedia of Asian American Folklore and Folklife* (pp.350-352).

Mauss, M. (1990). *The Gift: The Form and Reason for Exchange in Archaic Societies* (W.D. Halls, Trans.; 1st ed.). Routledge.

Mirano, E.R. (2008). Subli: On the Use of Multidisciplinal Methods in Musicology.

*Journal of the Center for Iberian and Latin American Music Proceedings of the Conference Rediscovering a Hispanic Nation: The Fine and Performing Arts in the Philippine Islands before the Invasion of 1898*.

Orteza, G.O. (1997). Pakikipagkuwentuhan: Isang pamamaraan ng sama-samang pananaliksik, pagpapatotoo, at pagtulong sa Sikolohiyang Pilipino [Pakikipagkuwentuhan: A method of collective research, establishing validity, and contributing to Filipino Psychology]. *PPRTH Occasional Papers Series No. 1*. Quezon City: Philippine Psychology Research and Training House.

Pe-Pua, R. (2006). From Decolonizing Psychology to the Development of a Cross-Indigenous Perspective in Methodology. In: Kim, U., Yang, KS., Hwang, KK. (eds) *Indigenous and Cultural Psychology. International and Cultural Psychology.* Springer, Boston, MA.

Pe-Pua, R. (1985). Pagtatanong-tanong: Katutubong metodo ng pananaliksik [Pagtatanongtanong: An indigenous research method]. In A. Aganon & M. David (Eds.), *Sikolohiyang Pilipino: Isyu, pananaw at kaalaman (New directions in indigenous psychology)* (pp. 416–432). Manila: National Book Store.

Peracullo, J. (2020). The Virgin of the Vulnerable Lake: Catholic Engagement with Climate Change in the Philippines. *Religions, 11* (4).

Philippine Statistics Authority. (2021). Highlights of San Nicolas 2020 Census of Population and Housing (2020 CPH). Retrieved from <https://rsso04a.psa.gov.ph/sites/default/files/Highlights%20of%20the%20Municipality%20of%20San%20Nicolas%20Population.pdf>.

Philippine Statistics Authority. (2022). *2021 Overseas Filipino Workers (Final Results)*. Retrieved from < https://psa.gov.ph/content/2021-overseas-filipino-workers-final-results>.

Rafael, V. L. (1987). Confession, Conversion, and Reciprocity in Early Tagalog Colonial Society. *Comparative Studies in Society and History, 29*(2), 320–339.

Tiatco, SAP. (2019). Panata, Pagtitipon, Pagdiriwang: A Preliminary Contextualization of Cultural Performances in the Philippines. *Humanities Diliman, 16* (1).

Tondo, JSF. (2009). Fiesta Heritage and Diaspora Identity Maintenance: Sinulog, Santacruzan and Simbang Gabi among Migrant Filipinos in New Zealand. *AghamTao, 18*.

UN Women (2015). Gender, Migration and Development in the Philippines – A Policy Paper. Diliman, Quezon City: UN Women Philippines.